# Bakit Dapat Maging Buhay na Donor ng Atay?

Stanford MEDICINE Health Care

**Napakalaki ng maitutulong ng buhay na donor sa isang pasyente na makatanggap ng atay na makakapagligtas ng buhay. Maaaring magsilbing mga buhay na donor ang mga kamag-anak, mahal sa buhay, at kaibigan.**

## Ang agarang pangangailangan para sa mga donor ng atay

**23,000+**

tao sa California ang naghihintay para sa transplant ng organ.[1]



**2,000+** taga-California ang nasa waitlist para sa atay.[1]






**44%** Latinx

**38%** Mga White American


**12%** Mga Asian at Pacific Islander

**4%** Mga Black American

**1%** Mga Native American

**1%** Multiethnic


## Sino ang dapat mag-donate?




**Direktang donor**

Mga miyembro ng pamilya at kaibigan na compatible sa tatanggap

## Gaano kalaki ang maaari mong i-donate?



Humigit-kumulang **20%** ng atay ng donor ay ligtas na tinatanggal upang i-donate sa **batang** pasyente.



Humigit-kumulang **50 - 65%** ng atay ng donor ay ligtas na tinatanggal upang i-donate sa **adult** na pasyente.

## Mas maikling panahon ng pagpapagaling

Binibigyang-daan ng aming hindi masyadong invasive na laparoscopic procedure ang mga clinician na kontrolin ang mga surgical tool sa maliliit na butas sa katawan upang ma-visualize ang bahaging ooperahan at maisagawa ang pag-donate ng atay. Tutukuyin ng iyong surgeon kung kwalipikado ka para sa ganitong uri ng operasyon o kung sa tradisyonal na pamamaraan ng operasyon.

## Pagkatapos mong i-donate ang bahagi ng iyong atay

- Ang atay ng donor ay **tutubo ulit sa loob ng dalawang buwan[3]** at ganap itong gagana ulit. Ganoon din ang mangyayari sa bahaging na-donate para sa tatanggap.
- Kasunod ng operasyon para sa pag-donate, maaari kang maospital nang hanggang **isang linggo**.
- Ang kabuuang tagal ng pagpapagaling sa bahay ay **anim hanggang walong linggo** kung kailan pagkatapos nito ay maaari ka nang bumalik sa mga normal na aktibidad tulad ng pagtatrabaho, pag-aaral, at pag-eehersisyo.

Matuto pa sa **stanfordhealthcare.org/livingdonor**

1 The Organ Transplant Waiting List, Donate Life California, na-access noong Marso 29, 2023, https://donatelifecalifornia.org/education/how-donation-works/the-organ-transplant-waiting-list
2 "State data," Organ Procurement & Transplantation Network, na-access noong Abril 13, 2023, https://optn.transplant.hrsa.gov/data/view-data-reports/state-data
3 "Making an informed decision: Recovery from surgery," United Network for Organ Sharing, na-access noong Abril 4, 2023, https://unos.org/transplant/living-donation

# Bakit Dapat Maging Buhay na Donor ng Atay?

Stanford MEDICINE Health Care

## Mga Madalas Itanong

### Paano nagpapasya ang mga doktor kung maaari ba akong maging isang buhay na donor?

May mahigpit na patakaran sa pagpili ang Stanford Health Care. Ligtas, hindi invasive at komprehensibo ang proseso ng pagsusuri ng kalusugan at pagiging compatible ng potensyal na donor. Kadalasan, natatasa namin ang kalusugan ng atay nang walang biopsy ng atay.

### Pinapahintulutan ba ng aking pananampalataya at mga tradisyon ang pag-donate ng organ?

Maraming relihiyon ang itinuturing ang pag-donate ng organ bilang isang mabuting gawain o isang usaping nakabatay sa konsensya ng indibidwal. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin, kumonsulta sa iyong espirituwal na tagapayo.

### Mayroon bang mga potensyal na komplikasyon sa operasyon ng donor ng atay?

Nakakaranas ng kaunting pananakit ang lahat ng pasyente pagkatapos ng operasyon. Gaya ng anumang medikal na procedure, may mga panganib at benepisyo sa pagiging buhay na donor ng atay. Matututo ka pa tungkol sa mga panganib sa indibidwal mula sa iyong medikal na propesyonal sa proseso ng pagsusuri. Matuto pa tungkol sa mga panganib sa website ng United Network for Organ Sharing (UNOS).[1]

### Mayroon bang limitasyon sa edad sa pagiging buhay na donor ng atay?

Oo. Hindi tumatanggap ang Stanford Health Care ng mga buhay na donor ng atay na mahigit 55 taong gulang. Mahina ang kakayahan ng mas matatandang donor ng atay na magpagaling ulit kaya mas makakabuti para sa kanila na hindi mag-donate. Sumasailalim sa isang masusing medikal na pagsusuri ang lahat ng potensyal na buhay na donor upang malaman kung kwalipikado kang mag-donate.

### Sino ang kwalipikadong maging buhay na donor?

Nasa mabuting kalusugan dapat ang mga buhay na donor. Sumasailalim sa isang komprehensibong medikal na pagsusuri ang lahat ng potensyal na buhay na donor upang malaman kung ligtas ang pag-donate para sa tatanggap at donor. Tumatanggap kami ng mga potensyal na buhay na donor na mula sa lahat ng lahi, etnisidad, kasarian, at sekswal na oryentasyon. Tandaan din na maaari kang maging buhay na donor kahit mayroon kang mga tattoo.

### Saan ko maaaring malaman ang mga karanasan ng mga buhay na donor?

Makakakita ng mga kuwento ng donor at pasyente sa UNOS Transplant Living community sa transplantliving.org/community, donatelife.net/stories, at donatelifecalifornia.org.

### Paano ako matututo pa?

- Sigurado ka man o hindi na gusto mong maging buhay na donor, ang unang hakbang ay simulan ang pakikipag-usap at tawagan ang aming team para sa buhay na donor. Handa kaming sagutin ang lahat ng tanong tungkol sa pagdo-donate ng bato habang nabubuhay pa sa **650-724-5672**.
- Kung interesado kang maging donor para sa mahal sa buhay o kaibigan sa Listahan para sa Transplant ng Atay ng Stanford Health Care, ang susunod na hakbang ay kumpletuhin ang aming Medikal na Questionnaire para sa Buhay na Donor upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado sa pag-donate sa **stanfordhealthcare.org/donateliver**.
- Upang matuto pa tungkol sa pagdo-donate ng organ habang nabubuhay pa; mahahalagang katotohanan tungkol sa pagdo-donate ng organ habang nabubuhay pa; at mga kuwento ng donor na nakakapagbigay ng inspirasyon, bisitahin ang **stanfordhealthcare.org/livingdonor**.

---

1 Risks, UNOS Transplant living, na-access noong Agosto 31, 2022, https://transplantliving.org/living-donation/being-a-living-donor/risks